5. **Pagkakaroon ng maikling pagsusulit**:
   a. Gagamitin ang *Size 4* para sa lahat ng maikling pagsusulit maliban na lamang kung nagtakda ng bagong panuto ang guro.
   b. Walang *make-up quiz* sa mga lumiban sa klase. Gagamitin ang *correction factor* upang makuha ang marka sa pagsusulit ng lumibang mag-aaral.
      Quiz Grade = 2/3 (student's raw score/student's highest possible score) + 1/3 (student's raw score/class' highest possible score)

6. **Pagkakaron ng mahabang pagsusulit**:
   a. Bago pa man ang hudyat ng pagsimula ng pulong sa AP2 kung saan magkakaroon ng mahabang pagsusulit kailangang nailagay na sa harap ng silid-aralan ang lahat ng mga bag. Walang gamit ang nararapat naiwan sa upuan.
   b. Ang petsa ng mga mahabang pagsusulit ay ibibigay sa klase nang hindi baba sa isang linggo bago ang takdang araw. Minsan, sa simula pa lang ng markahan ibinibigay na ng guro ang mga takdang araw na ito. Tungkulin ng mag-aaral na isulat ang mga petsang itosa kanyang *student planner* para hindi niya ito makaligtaan.
   c. Dalawang beses lamang sa buong taon pwedeng kumuha ng *make up long test*. Sa araw ng pagliban, asahan ng mag-aaral na sa araw ng pagbalik niya ay kukunin niya ang mahabang pagsusulit. Sa ikatlong pagkakataon na hindi makakuha ang mag-aaral ng mahabang pagsusulit, ZERO ang makukuha niyang marka.

7. **Pagkakaroon ng seatwork o gawaing pang-upuan**:
   a. Nararapat parating handa ang *AP Kit* ng mga mag-aaral. Hindi pahihintulutan ang paghiram ng gamit sa mga kaklase. *Zero* ang ibibigay sa mag-aaral na lumiban sa klase at hindi nagawa ang gawaing pang-upuan.
   b. *ZERO* sa *Seatwork* o *Group Work* kung hindi dala ang *Student's Kit* o nararapat na nilalaman nito.

8. **Pangkatan**:
   a. Gagawing *alphabetical order* ang paghahati ng mga mag-aaral sa mga pangkat para sa Unang Markahan. Magkakaroon ng apat hanggang anim na pangkat bawat klase para dito. Magsisilbing pangkat para sa balitaan at proyekto ang mabubuong mga pangkat para sa Unang Markahan.
   b. *Random* ang pagpapangkat para sa Ikalawang Markahan.
   c. Para naman sa Ikatlong Markahan, bibigyan ng pagkakataong makapili ang mga mag-aaral ng kanilang gustong makasama sa pangkat.
   d. Ang guro pa rin ang magtatakda ng dami ng bilang ng bawat pangkat para sa Ikalawa at Ikatlong Markahan.

9. **Mga karagdagang patakaran:**
   a. Dapat kolektahin at itago ang lahat ng ibibigay na *handouts* at ibabalik na mga papel. Kung mayroong *expandable envelope* ang mag-aaral, pwede na itong kapalit ng *long brown envelope*.
   b. Tingnan ang mga nilalaman ng *Student's Handbook* para sa mga karagdagang alituntunin sa loob at labas ng klase.
   c. Ukol sa mga Pagsusulit
      i. Nangangahulugan ng kabawasang isang puntos para sa bawat bahaging hindi sinunod ang alituntunin ng pagsusulit.
      ii. Hindi papayagang magtanong ang mga mag-aaral kung oras ng pagsusulit.
      iii. Hindi nagbibigay ng mga libreng (*bonus*) puntos ang mga guro maliban na lamang kung napagkasunduan sa taunang libel.

   d. Hindi maaaring magbigay ng *special work* sa kahit na sinumang mag-aaral.
   e. Sumusukat sa pag-uugali ng mag-aaral sa loob ng silid-aralan ang *conduct mark*. Nagpapakita naman ng uri ng pakikisangkot ng mag-aaral sa mga gawain sa klase (paggawa ng takdang aralin at gawaing pang-upuan at pakikibahagi sa talakayan) ang *effort mark*.

Bb. Sharon Johnnette M. Agduma
Kagawaran ng Araling Panlipunan
Mataas na Paaralan ng Ateneo de Manila
Loyola Heights, Quezon City

Phone: (02) 4266001 local 6299
E-mail: sjagduma@ateneo.edu
YM: sharonjohnnetteagduma
Gtalk/Skype: shaoie

MATAAS NA PAARALAN NG *ATENEO DE MANILA*

ARALING PANLIPUNAN II: KASAYSAYAN NG ASYA

Para sa Taong 2008-2009
Seksyon: A, B, E, M, at N

www.apahs.wordpress.com
www.aralingpanlipunan2.wordpress.com

I. LAYUNIN PARA SA MGA MAG-AARAL NG KURSO:

Hubugin sa bawat mag-aaral ang mga katangian ng "***mamamayan para sa kapwa***" na nagtataglay ng mga sumusunod na katangian:

- Panlipunang kamulatan;
- Panlipunan kamalayan; at
- Panlipunang pakikisangkot.

II. MGA PAKSANG TATALAKAYIN SA KURSO:

A. Pagtalakay ng mga kasalukuyang pangyayari kung saan magagamit ng mga aral ang nakaraan sa pagkakaroon ng isang malalim at kritikal na pag-unawa sa ating lipunan. Kabilang na rito ang pagbabasa rin ng mga kaganapan sa kasalukuyan ukol sa Asya

B. Pag-aaral ng lipunan ng Asya at mga pangyayari sa nakaraan at sa mga aral na itinuturo ng mga pangyayaring ito

Layuning Matalakay	Ano ang Asya? Sino ang Asyano? Paano ako nakaugnay sa Asya bilang Pilipino? Paano makatutulong sa bansa ko ang aking pagiging Asyano? Ano ang papel ko sa pamayanang Asyano?
Tema	Pag-uugat at pagkilala sa mga hamong kinahaharap ng isang Asyano Positibong pagharap sa hamon Aktibong pagtugon at pakikisangkot
Larangan ng Pakikisangkot (interaction)	Mga isyung pambarangay, pampamayanan at pang-Asya

III. PARAAN NG PAGMAMARKA:

Final Mark*

¾ Class Standing + ¼ Periodical Exam

Mga Elemento ng Class Standing**

25% Mahabang Pagsusulit
30% Maikling Pagsusulit
10% Takdang Aralin
10% Gawaing Pang-upuan
20% Proyekto
5% Talakayan

**Special Computations:*

Honors Class ¾ (CS + 2) + ¼ (PE + 2)
Semi-Honors Class ¾ (CS + 1) + ¼ (PE + 1)

- *Gagamitin lamang ang special computation na ito kung susunod ang mahabang pagsusulit at ang kabuuang pagsusulit ng mga honors at semi-honors classes sa Paghahati ng mga Kasanayang nabanggit sa bahagi ng Mahabang Pagsusulit.*

**Hindi *rounded off* ang mga marka sa lahat ng elemento ng *class standing*. Maaaring hindi kumuha ng kabuuang pagsusulit (*Final Exam)* ang sinumang mag-aaral na makakukuha ng *class standing* na 95 kung nakikita ng guro na naipakita niya ang sapat na kakayahan at mabuting pag-uugali sa loob at labas ng klase.

IV. MGA PANGANGAILANGAN:

1. Sangguniang aklat: Asya: Lupang Biyaya
2. Mapa ng Asya
3. Tala-aralan para lamang sa Araling Panlipunan
4. *Size 1, 2 at 4 paper*
5. Mga nilalaman ng *Student's Kit*: 1 kahon ng *crayons*, 50 piraso ng *short bond paper*, *glue*, gunting, 2 *pentel pens*, lapis
6. Isang *long brown envelope* para lagyan ng mga ibibigay na *handouts* at ibabalik na naiwastong mga papel.

V. MGA PATAKARAN:

1. **5-Minute Break:**
   a. Maaaring pumunta ang mga mag-aaral sa palikuran, kumuha ng gamit sa *locker*, at maghanda para sa asignatura.
   b. Hindi pahihintulutan ng guro na gumawa ang mga mag-aaral ng takdang-aralin para sa AP2 sa *5-minute break* **bago** ang klase ng AP2.
   c. Ang *5-minute break* bago ang pulong ng AP2 ang siyang huling pagkakataon ng mga mag-aaral upang magsumite ng kanilang takdang-aralin (kung mayroon man) sa AP *beadle*.
   d. Agad na ibibigay ng AP *beadle* ang mga nakolektang takdang-aralin sa guro sa oras ng pagsimula ng pulong ng AP2.
   e. Ang *5-minute break* ang tanging oras na maaaring lumabas ang mga mag-aaral sa klase. Kailangang bumalik ang mga ito bago ang *silence bell*. Kailangang kumuha ng *late slip* sa APSA ang mag-aaral na darating matapos ang pagtunog ng *silence bell*.

2. **Silence Bell**:
   a. Nararapat na tahimik ang mga mag-aaral na nakaupo sa kanilang mga silya. Walang mag-aaral ang nararapat na nakatayo, nasa likod at kumukuha ng kung ano sa *locker* nila, nagbubura ng sulat sa pisara o nasa palikuran pa sa oras ng *silence bell*.

3. **Simula ng pulong sa AP2**: Sa pagtunog ng *bell* na hudyat ng pagsimula ng pulong ng AP2, nararapat na tumayo agad ang lahat para sa panalangin. Uupo lamang ang mga ito kapag sinabi na ng guro.

4. **Pagpasa ng takdang-aralin**:
   a. Ipapasa ang mga takdang-araling ibinigay ng guro sa AP *beadle*. Ipapaliwanag ng guro ang *zero policy* na pangkagawarang alituntunin.
   b. Ang *ZERO* policy: ZERO sa Takdang Aralin kung:
      i. hindi nakapagpasa sa araw na kinolekta ngunit nasa klase siya noong ibinigay
      ii. wala ang mag-aaral sa klase ng ibinigay ang takda ngunit nasa klase noong kinolekta